



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 1
Enero 7, 2004

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Walang habas na oportunismo at kabulukan



Panahon na naman ng reaksyunaryong eleksyon. Muling nasasaksihan ang walang habas na oportunismo, lubos na kawalang-prinsipyo at lansakang kabulukang ibayong tumitingkad tuwing mag-elekson. Walang kaabug-abog na naglili-patan ng partido ang mga kandidato at yu-mayakap ng mga bagong kaalyado at koalisyon. Pati mga dati'y mahigpit na magkakalaban ay nagsasama-sama. Walang ibang nagtutulak sa kanila para gawin ito kundi ang lantarang pagsusulong sa personal na interes, ambisyon sa pulitika at kahayukan sa kapangyarihan. Walang hangganan ang mga alitan, kutsabahan at maniobrahan sa hanay ng mga reaksyunaryong naghaharing uri. Sa totoo, parepareho lamang naman ang mga partido at koalisyon pulitikal ng mga reaksyunaryo. Kaya naman walang tigil din ang pagbabago ng hugis at laman ng mga reaksyunaryong alyansa.

Walang tigil, walang-hanggan at walang-kahihiyan ang pagka-oportunista ni Gloria Macapagal-Arroyo. Pinili niyang katambal ang senador, brodkaster at bata ng mga Lopez na si Noli de Castro para mapasakanya ang suportang pampolitika at pampinansya ng makapangyarihang burges-kumprador na pamilya. Umaasa rin siyang maisasalba ng popularidad ni de Castro ang kanyang sadsad nang reputas-

**Mga tampok
sa isyung ito...**

**Mga ulat koresponsal
mula sa CL, ST at
Northeastern Luzon**
PAHINA 6-9

**Patuloy ang paglala
ng krisis sa US**
PAHINA 10

**Demoralisasyon
ng mga sundalong
Amerikano sa Iraq**
PAHINA 11

yon. Kapalit nito ang maraming pangakong konsesyon sa MERALCO, Maynilad Water Services, Benpres Holdings at iba pang malalaking negosyo ng mga Lopez.

Pinag-ibayo pa ni Arroyo ang kanyang oportunismo sa klase ng mga taong pinili niya para tumakbong senador sa ilalim ng kanyang partido. Kabilang sa kanila ang mga pangunahing alyado ni Estrada—si na Miriam Defensor-Santiago, John Osmeña at Orlando Mercado, dating kalihim sa depensa ni Estrada. Ang pagkuha ni Arroyo sa tatlong ito ay bahagi ng aregluhan niya at ni Estrada. Nasa likod pa rin daw ni Defensor ang People's Movement Against Poverty ni Estrada.

Maging ang mga grupong socal-demokrata at reformatista na sumuporta sa pagkakalukllok ni Arroyo sa poder ay nababahala sa pakikiapid niya sa mga taong galing sa kinasusuklamang mga kampo nina Marcos at Estrada.

Wala ring malaking pinagkaiba ang pangunahing karibal na kandidato ni Arroyo, ang artistang si Fernando Poe Jr. Bukod sa anak ni Estrada na si Jinggoy at kina Juan Ponce Enrile, Ernesto Maceda, Francisco Tatad, Jamby Madrigal at Di-

dagen Dilanganen, na pawang NASA kampo at masusugid na tagapagtanggol ni Estrada, kabilang sa mga kandidato ni Poe sa senado si Imee Marcos, anak ng diktador na si Ferdinand Marcos. Si Carlos Padilla naman na mahigpit na tagasuporta ni Panfilo Lacson ay kandidato rin sa koalisyon ni Poe. Magsisilbi raw siyang tagapamagitan nina Poe at Lacson.

Katambal ni Poe si Loren Legarda, na walang paghuhunos-diling sumanib sa isang partidong hitik sa mga personaheng malapit kay Estrada.

Walang naniniwala sa pangangatwiran nilang lahat na ang kanilang ginagawa ay para sa "pagkakaisa," "rekonsilyasyon" at "paghihilom ng mga sugat." Sa katunayan, walang kaseryosohan at nagiging katawa-tawa na lamang ang mga reaksyunaryong pulitiko, mga partido pulitikal at koalisyon nila at ang buong takbo ng reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas.

Kasabay nito ang iba pang mukha ng reaksyunaryong eleksyon at reaksyunaryong pulitika sa bansa. Naririyan ang grabeng dayaan, bilihan ng boto, panlilinlang at ang matinding karahasan hindi na



Walang naniniwala sa pangangatwiran nilang lahat na ang kanilang ginagawa ay para sa "pagkakaisa," "rekonsilyasyon" at "paghihilom ng mga sugat"... walang kaseryosohan at nagiging katawa-tawa na lamang ang mga reaksyunaryong pulitiko, mga partido pulitikal at koalisyon nila at ang buong takbo ng reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas.

lamang sa pagitan ng mga magkakalabang reaksyunaryong pulitiko at mga tagasuporta kundi mas masahol pa, laban sa mga progresibong partido at pwersa at iba pang mamamayan.

Sa likod ng lahat ng ito ang esensyal na katangian ng mga reaksyunaryong eleksyon. Nag sisilbi itong paraan ng mga reaksyunaryong naghaharing uri para linlangin ang mamamayan na kunwa'y may demokrasya habang nireresolbahan sa pamagitan nito kung sinusino sa kanila ang mangangasiwa sa pasistang estadong mangangalaga sa komun na mga reaksyunaryong interes nila at sa pag-iibayo pa ng kanilang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan at pagsupil sa paglaban ng mamamayan.

AB

ANG Bayan

Taon XXXV Blg. 1

Enero 7, 2004

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editorial

Oportunismo at kabulukan	1
Paigtingin ang pakikibaka	3
Patuloy na itinutuwid ng Partido ang mga kamalian	4

Mga Ulat-koresponsal

Central Luzon	6
Southern Tagalog	7
Northeastern Luzon	8

Sa ibayong dagat

Krisis sa US	10
Demoralisasyon sa mga sundalong Amerikano sa Iraq	11

Balita

12

Paigtingin ang pakikibakang anti-imperialista, antipyudal at antipasista

Nasasdak ngayon sa walang kasintinding krisis ang papet na rehimeng Arroyo at ang buong naghaharing sistema sa Pilipinas. Ang lokal na reaksyunaryong sistema ay binabayo ng napakalubhang sosyo-ekonomikong krisis at walang taros na kabulukan, pagkapat at represyon.

Bumabagsak ang malipyudal na ekonya batay sa lahat ng mayor na palatandaan. Ang lubos na pangangayupapa ng rehimeng Arroyo sa patakaran ng US sa globalisasyon ng "malayang merkado" ay nagsadlak sa ekonya sa ibayong pagkabangkrap. Isinaisantabi na ng rehimeng Arroyo ang lahat ng usapin kaugnay ng soberanya sa ekonya, proteksyon sa pambansang patrimonya, reforma sa lupa at pambansang industriyalisyon.

Sa tangka nitong makaahon sa pag-kabangkrap, lalo nitong ibinabaon ang mamamayan sa papabitig na pasaning utang at mga buwis habang walang tigil na nagbubuhos ng pondo para sa di produktibong mga gastusin sa militar, pulisia, bayad-utang, korapsyon at sarising luho ng malalaking bukrata at naghaharing uri. Dahil dito, lalong naghihirap ang mamamayan at ipinagkakait sa kanila maging ang pinakabatayang mga serbisyong panlipunan.

Dahil sa kitid na ng pinag-aagawang rekursong naghaharing uri, garapalan na ang korapsyon sa rehimeng Arroyo. Sangkot mismo ang mag-asawang Arroyo sa mga mayor na kaso ng pandarambong. Nararapat silang usigin at litisin

para rito. Inilantad rin ng mga sundalang nag-alsa noong Hulyo 2003 ang malalaking kaso ng korapsyon sa AFP at gubyerno.

Ang mga pagtutol ay sinasagot ng pasistang dasas. Sa lahat ng rehimeng naluklok sa poder mula


krisis kaya walang-awa nitong pini-piga ang mamamayan laluna ang pinakapinagsasamantalahan at inaaping mga uri at sektor.

Labis-labis na ang pagtitiis at galit ng mga biktima ng kahayuan at kalupitan nito.

Dahil sa lala ng sitwasyon, masidhi ang pagnanais ng masang anakpawis at iba pang pinagsasamantalahan at inaaping sektor na ibagsak na ang rehimeng Arroyo.

Kailangang samantalahan ang napakatinding krisis sa ekonya at politika para ubos-kayang iangat ng mga rebolusyonaryong pwersa ang antas ng pakikidigmang gerilya, kilusang masa at nagkakaisang prente. Dapat paigtingin ang pakikibakang anti-imperialista, antipyudal at antipasista upang mas epektibong mapamunuan at mapakilos ang malawak na masa laban sa malakihang pananalakay at paglapastangan sa kanilang kapakanan at karapatan.

Ang reaksyunaryong papet na pangkating Macapagal-Arroyo ang nananatiling pangunahing target ng mga pakikibakang bayan. Kailangang patuloy ang pag-lalantad, pagbatikos at paghihiwalay dito. Kaalinsabay, kailangang maghanda sa lumalaking posibilidad na palitan ng ibang pangunahing reaksyunaryong papet ang kasalukuyang naghaharing pangkatin dahil sa mabilis na pagkakahiwalay nito. Sa gayon, kailangang imulat ang mamamayan na walang garantiya na sinumang papalit kay Arroyo ay magkakaroon ng fundamental na pagkakaiba sa kanya.



1986, ang rehimeng Arroyo na ang nagtala ng pinakamalalang rekord sa paglabag kapwa sa mga sosyo-ekonomikong karapatan at mga karapatang sibil at pampolitika ng mamamayan.

Namumuo ang mas malawakan at mas malakihang pang mga sagupaan ng mga pwersa ng reaksyon at rebolusyon sa bansa. Desperado ang reaksyunaryong naghaharing sistema na isalba ang sarili sa

Patuloy na itinutuwid ng Partido ang mga kamalian sa mga kampanyang anti-impiltrasyon noong dekada 1980

Sa loob ng mahigit isang linggo mula sa mismong araw ng ika-35 anibersaryo ng Partido noong Disyembre 26, 2003, muli na namang inilarga ang matinding kampanya para siraang-puri ang Partido Komunista ng Pilipinas kaugnay ng mga hibang na kampanyang anti-impiltrasyon na naganap noong dekada 1980. Ginamit na daluyan para rito ang isang pambansang dyaryong burges para pagmukhaing demonyo ang Partido sa mata ng publiko. Para pagmukhaing totoo ang mga paninira, nagbatay ito sa ilang mga tunay na pangyayari. Pero hinaluan ito ng mga kasinungalingan, pambabaluktot at mga pangyayaring bahagyang totoo. Nagdetalye sa mga naganap na pang-aabuso pero hindi nagbigay ng detalye sa mga hakbangin ng Partido upang iwasto ang mga ito.

Sa rurok ng kampanyang panirra, ginawang pulpito ang editorial ng dyaryo nitong Enero 2 upang magpahayag ng isang sagad-sagarang anti-komunistang sermon na dumura ng pawang wala-sa-lugar at walang


batayang mga batikos sa diumano'y "panahanimik" at "pagtanggi" ng Partido na harapin ang usapin. Ginamit nitong pananakot ang kontra-rebolusyonaryo at anti-komunistanag linya na "kinakain ng mga rebolusyo-

naryo ang sariling mga anak," na "iniluluwal ng rebolusyong komunista ang bangungot ng hibang na pagkatakom" at "bahagi ng buhay ng PKP ang pagpatay sa mga kasama."

Kahit pa tahasang baliko ang mga akusasyon, walang sawa ang Partido na makipaglinawan ng panindigan, patakaran at mga katotohanan tungkol sa usaping ito. Paulitulit na ipaaalala ng Partido na malon na nitong kinundena, itinakwil at iwinasto ang mga kamaliang ito.

Ang mga umaatake sa Partido ay nananawagan pa ng pagbubuo ng "Truth Commission" sa layuning alisan ng kasarinlan ang Partido, uriratin ang mga internal na usapin, kasaysayan, organisasyon at pagkilos nito at ilantad ito hindi lamang sa kanila at sa publiko, kundi pati sa kaaway. Nais nilang ilagay sa depensiba at hanapan ng mas marami pang butas ang Partido para magsilbing pambala para sa kanilang demolisyon sa Partido. Sa summa, ang pinakalayunin nila ay wasakin at likidahin ang Partido.

May sariling kaparaanan ang Partido bilang isang partidong may integridad at kasarinlan at katapatian sa sarili at sa adhikain upang gumawa ng sariling pagsisiyasat at pagwawasto at mapagpasyang mapigilan ang pag-uulit ng mga ito. Sa katunayan, ang naturang hibang na mga kampanya ay sinaklaw ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto kung saan nilutas hanggang sa pinakaugat ang mga kamalian at paglabag at muling pinagtibay ang mga wastong rebolusyonaryong prinsipyo. Puspusang pinag-aranan



MGA TAHASANG PAGLABAG. Ang tortur at iba pang di-makataong pakikitungo sa mga pinaghihinalaang espiya ng kaaway o sa sinumang akusado sa hukumang bayan ay taliwas sa Saligang Batas ng Partido Komunista ng Pilipinas, Mga Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan, at Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

ng Komite Sentral ang mga dahilan ng mga pangyayari upang humalaw ng mga aral, muling pagtibayin at ipwesto ang wastong mga patakaran at proseso at maiwasang maulit pa ang mga kamalian sa hinaharap.

Mas maaga pa rito, ang ilang komiteng rehiyon at iba pang nakababang organo kung saan may naganap ding katulad na kamalian ay gumiawa na rin ng kani-kanyang bahagyang paglalagom at pagwawasto.

Mariing kinundena ng Partido ang hibang na mga kampanya bilang produkto ng malalang burges at petibusnes na suhetibismo at kapusukan, at seryosong pambabaluktot at paglabag sa mga prinsipy, linya, patakaran at alituntunin ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan. Ang kapabayaan sa gawaing ideolohiya, pagkahirati sa kalunsuran at pamayani ng mga maling linya ng adbenturismong militar at insurek-syunismong lunsod noong dekada 1980 ay nagsilbing kundisyon para sa pag-iral ng mga kamaliang ito.

Ang mga nagpatupad ng mga hibang na kampanya ay idinaan sa rektipikasyon, reedukasyon at mahigpit na mga prosesong pandisiplina ng Partido alinsunod sa bigat ng kanilang partisipasyon at responsibilidad—mula pagpuna sa may pinakamagagaan hanggang pagtiwalag sa Partido sa may pinakamabibigat na kasalanan.

Ang mga nanatiling matapat sa rebolusyon ay nagpuna ng sarili sa harap ng mga kasama at naapektu-

hang masa at tumulong sa pagkukumpuni ng mga pinsala sa mga rebolusyonaryong gawain at organisasyon at sa masa. Lumahok din sila upang makatulong sa rehabilitasyon ng mga nailigtas na biktima at mga naiwang mahal sa buhay ng mga hindi na nailigtas.

Ngunit ang mga pinakapangu-nahing nagpasimuno at may pina-kamasahol na mga kriminal na pananagutan sa mga hibang na kampanyang anti-implitrador ay tumangging managot sa mga kasalan na at iba pang seryosong kamalian nila. Sa kasagsagan ng kilusang pagwawasto noong maagang bahagi ng dekada 1990, tumalilis sila sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ipinagpalagay nilang maswerte silang nakaiwas sa kanilang mga pananagutan at responsibilidad.

Kabilang sila ngayon sa mga pasimuno ng maliliit na grupong *pseudo-reformist* at Trotskyista na may misyon wasakin ang Partido, pagtakpan ang kanilang sariling mga krimen at kamalian, at saking malisyosong maipasa ang mga ito bilang “orihinal na kasalanan” ng Partido mismo.

Nagbubuo sila ng mga grupo at institusyon *pseudo-reformist*, nag-lalabas ng mga materyales na naghalo ng mga pambabaluktot, sense-syunismo at bahagyang katotohanan, at naglulunsad ng mga antipartidong kampanya. Itinataguyod at pinopondohan sila ng mga internasyunal at lokal na anti-komunista at kontra-rebolusyonaryong organisasyon at institusyon. Ang ilan ay tahasan nang nagpapaupa sa mga reaksunaryong pulitiko at mga ahensiyang paniktik ng gubyerno ng US at Pilipinas. Nililinlang at sinusulsulan nila ang iba pang nalilito lamang at di pa nakatatanggap ng katotohanan at mga wastong paliwanag.

Namantine ng Partido ang rebolusyonaryong integridad nito at naka-paglinis ito ng hanay sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto at edu-

kasyon upang labanan ang mga ideo-lohikal at pampolitikang sanhi ng oportunismo at kriminalidad at lubos na mapigilan ang pag-uulit ng mga ito. Nagpapataw ito ng mga aksyon pandisiplina nang walang parusang kamatayan at di naglulunsad ng iba na namang isterya. Ang mga matapat na nagsisi at may minor lamang na mga kasalanan ay palaging napapata-wad at may pagkakataong magbago, magpanibagong-hubog at manatiling rebolusyonaryo o anupama'y mabigyan ng amnestiya.

Karamihan sa mga naging biktima ng mga hibang na kampanyang anti-implitrador na nabubuhay pa at nananatiling matapat sa Partido at rebolusyon ay nagpatuloy sa pagkilos o pagsuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Malinaw sa kanila ang paliwanag ng Partido sa puno't dulo ng mga pangyayari. Batid nilang hindi ito likas sa Partido at rebolusyon kundi kagagawan ng mga tusong bumaluktot at lumabag sa mga saligang prinsipy at magagandang praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at proletaryong rebolusyon.

Sa abot-kaya ng Partido, sini-kap nitong ibigay sa nailigtas na mga biktima at sa pamilya ng mga hindi na nailigtas ang mga kinakailangang suportang ideolohikal, sosyal, medikal at materyal upang matulungan sila sa rehabilitasyon at sa pangingibabaw sa mga latay ng kanilang mga mapait na karanaan at mabigat na kawalan.

Inuuunawa ng Partido kung may ilan sa mga biktima at pamilya nila na hanggang ngayon ay nahihihang tanggapin ang mga paliwanag at pagwawasto ng kilusan sa mga nangyaring pagkakamali bagamat hindi naman humantong sa pag-aatake sa Partido at pagtaksil sa rebolusyon. Hangad ng Partido na makipag-ugnayan at makipagayusan sa kanila. Patuloy ang pag-sisikap ng Partido na abutin ang pailan-ilang pamilya na hindi pa nahahgilap hanggang ngayon. **AB**

May sariling kaparaanan ang Partido bilang isang partidong may integridad at kasarinlan at katapatan sa sarili at sa adhikain upang gumawa ng sariling pagsisiyasat at pagwawasto at mapagpasyang mapigilan ang pag-uulit ng mga ito.



Pangingibabaw sa konserbatismo

Sumusulong ang armadong rebolusyon sa Central Luzon

Sumusulong ang armadong rebolusyon sa mga bulubunduking lugar at mangging sa kapatagan ng rehiyon."

Ito ang pahayag ng Komiteng Rehiyon-Central Luzon sa ika-35 anibersaryo ng muling pagkakatag ng Partido. Sa partikular, anito, "Nagtatamo na ng tagumpay ang Partido at hukbo sa pangingibabaw sa konserbatismong militar."

Nakaagaw ang mga Pulang mandirigma ng BHB ng 38 armas sa mga taktikal na opensiba at mangging sa mga depensibong labanan. Kabilang dito ang 19 na M16, limang M14, dalawang M203, isang M60, limang de-sabog at anim na pistola. Nakakumpiska rin ang BHB ng mga kagamitan pangkomunikasyon.

Di bababa sa 48 ang napatay na kaaway. Dalawampu rito ay napatay sa mga taktikal na opensiba tulad ng mga reyd, ambus at operasyong harasment at pamamarusa at 28 naman sa mga depensibong labanan. Kabi-

lang sa mga kaswalti ng kaaway ang *deputy commander* ng 305th Provincial Mobile Group ng Bulacan, isang kapitan ng MICO (Military Intelligence Company) sa Dingalan, Aurora, isang *station commander* ng PNP sa Iba at isa pang upisyal ng PNP sa Olongapo City, parehong sa Zambales.

Ang mga taktikal na opensiba at kontra-salakay na labanan ay naganap mula Pebrero 1 hanggang Nobyembre 26, 2003. Ilan dito ang reyd sa mga detatsment ng PNP sa Hagonoy, Bulacan; sa Arayat, Pampanga; sa San Jose, Tarlac; at sa Dingalan, Aurora. Tinambangan din ang kaaway sa Barangay Carag, San Marcelino, Zambales at sa Barangay Kapintalan, Carranglan sa Nueva Ecija; at ang bandidong Rebolusyonaryong Hukbong Bayan (RHB) kung saan apat sa kanila ang napatay sa Barangay Malusac, Sasmuan, Pampanga. Inaresto at dinisarmahan din ang mga badi-gard ni Gob. Vic Magsaysay ng

Zambales.


Naagaw ng BHB ang inisyatiba sa kaaway, napangibabawan ang mga disbentahe at nakapaglunsad ng ganting salakay sa mga depensibang labanan sa Angat, Bulacan; sa Botolan at sa San Marcelino (dalawang beses) sa Zambales; at sa Sasmuan, Pampanga.

Anang KR-Central Luzon: "Ipinakita ng mga taktikal na opensiba, kontra-atake at suportahang ito ang mataas na diwang palaban at kahandaan sa sakripisyo ng BHB, at ang pag-unlad sa mga taktikang gerilya nito. Ipinakita rin ang bentaha ng pormasyong platun sa opensiba at depensiba."

Ipinakita ng masiglang pagsulong ng armadong pakikibaka sa Central Luzon sa nakaraang isang taon na "hindi sagabal ang kawalan ng bundok at sukla sa ibang erya para makairal ang hukbo. Hindi rin sagabal ang kalapitan ng Maynila, ang sentro ng reaksyon. Tulad ng isda sa tubig, ang masa ang malawak na dagat na nilalangnguyan ng BHB."

Sa rebolusyonaryong kilusang masa, matagumpay na naisulong ang mga pakikibakang agraryo sa Bulacan, Aurora, Nueva Ecija, Pampanga at Tarlac. Puspusan ang pagsisikap ng rehiyon sa pagtayo ng mga ganap na samahang masa at mga komiteng pangorganisa mula sa dati'y kalakhang mga grupong pang-organisa. Desidido itong pangibabawan ang hibo ng konserbatismo sa gawaing masa tulad ng mabagal na pag-oorganisa at madalang at puta-putaking mga pakikibakang antipyudal.

Sa pagbubuo ng Partido, patuloy na inilulunsad sa rehiyon ang batayan at intermedyang kurso ng Partido. Nakapagtapos na ng Inter-



Sundan sa "Sumusulong...", pahina 7



Mula sa Southern Tagalog

Patuloy na pagsulong sa ST sa harap ng matinding pananalakay ng rehimen

Bigo ang todong pananalakay ng rehimen sa rebolusyonaryong kilusan sa Southern Tagalog (ST). Hindi napigilan ng mga pagtangka ng rehimen ang patuloy na pagsulong ng rebolusyon sa rehiyon.

Mula 1998, inilunsad ng reaksyonaryong gubyerno sa rehiyon ang mga eksperimento sa iba't ibang taktika at doktrinang naglalayong wasakin ang malalakas na bahagi ng rebolusyonaryong pwersa. Para rito, ginawang pangunahing usaping pambansa ng rehimen Arroyo ang ST, sa partikular, ang isla ng Mindoro. Pinalaki ang pakat ng mga pwersang militar, pulisia at paramilitar. Ang 13 pangupang batalyon sa rehiyon no-

ong 1999 ay dinagdagan at naging 38 batalyon na sa unang hati ng 2003. Naghahasik ng teror sa rehiyon ang rehimen sa pamamagitan ng malawakan at matitinding paglabag sa karapatang-tao ng mamayahan.

Subalit hindi nagpagapi ang rebolusyonaryong kilusan sa ST.

Sa okasyon ng ika-35 anibersaryo ng pagkakatataug ng Partido Komunista ng Pilipinas, ipinagdiwang ng buong rehiyon ang pina-

kahuling mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan. Ayon sa pahayag ng Kalihiman ng Komiteng Rehiyon ng Partido ng ST (KR-ST), humahalaw ng mayayamang aral ang Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan sa mahigit limang taong karanasan sa pagharap sa matinding pananalakay ng kaaway. Ang mga aral na ito ay pinanghahawakan para ibayong isulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa ST.

Sa panahong sinaklaw, inabot ng kasapihan ng Partido sa ST ang pinakamalaking bilang nito sa buong kasaysayan ng rehiyon. Dagdag dito, higit na bihasa sila sa teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa teorya at praktika ng demokratikong rebolusyon.

Patuloy na lumalawak at lumalakas ang baseng masa sa kanayunan at kalunsuran ng rehiyon. Nagsimula na ring umabante ang mga larangang gerilyang pansamtalang umatras sa mga huling taon dahil sa pinatinding mga operasyon ng kaaway. Sa katunayan, nakapaglulunsad na ang BHB



"Sumusulong...," mula sa pahina 6

medyang Kurso ng Partido (IKP) ang malaking mayorya ng mga pwersang pultaym sa kanayunan at lunsod. Noong 2003, may 130 pwersa ang nakapagtapos ng pag-aaral sa Aurora, Nueva Ecija, Tarlac at Bulacan at sa kalunsuran ng rehiyon. Nasa antas na ng lokal na sangay ng Partido ang pag-aaral ng IKP.

Iniulat din ng rehiyon na ang "pag-aaral sa *Ang Bayan* ay nakasanayan na ng mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma at mga kasapi ng mga organisasyong masa. Nalulugod ang mga kasama at masa sa mas madalas at regular na paglalabas ng *AB* at inaabangan nila ang paglabas nito." Aabot sa 7,000 ang kopya ng bawat isyu ng *AB* na inililimbag at ipinamamahagi. Samantala, 13,000 kopya kada isyu ng *Himagsik*, pahayagang masa ng rehiyon ang inililimbag.

AB



Pahayag ng PKP-Northeastern Luzon sa Ika-35 anibersaryo ng Partido

Rumaragasa ang kilusang masa

Ipinagbunyi ng masa at mga kasama sa Northeastern Luzon sa ika-35 anibersaryo ng Partido ang malalaking tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon, laluna sa pagsusulong ng kilusang masa. Inilahad sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng PKP noong Disyembre 26 ang mahahalagang pagsulong ng mga gawain ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Noong 2003, anito, humugos ang mga magsasaka sa kabayanan para sa malawakang kampanya ng pagpawi o pagbawas sa usura. Naibaba sa kalahati o halos kalahati ang umiiral na interes sa pautang sa 300 baryo sa 10 bayan at humigit-kumulang 300,000 o 55,000 pamilya ang nabeneepisyuhan. Kumilos ang

Sundan sa "Rumaragasa...," pahina 9

"Patuloy...," mula sa pahina 7

ng matutunog na taktikal na opensiba sa mga larangang gerilyang ito.

Sa mahigit 10 larangang gerilya sa rehiyon, ilampung libo ang mamayang organisado at ilandaang libo ang impluwensyado. Ang mga larangang gerilyang ito ay may ilampung platon ng hukbong bayan na nasasandatahan ng malalakas na riple at ilang mabibigat na sandatahang *anti-aircraft, anti-tank at anti-fortification* (makapangwawasan ng kongkreto at iba pang matitigas na pader). Mayroon ding ilang libong milisyang bayan at mga kwerpo sa pagtatanggol-sa-sarili na naaarmasan ng mga katutubong sandata, mas mahihinang riple at mga pistola.

Nakapaglunsad ng matitingkad na taktikal na opensiba ang hukbong bayan sa rehiyon. Noong Setyembre 19, inilunsad ang magkababay na reyd sa barko ng Philippine Navy at detatsment ng Philippine Coast Guard sa Ungos, Real, Quezon kung saan nakumpiska ang malalakas na riple at tatlong massinggang .50 caliber. Isinagawa namang ang magkasunod na ambus sa mga pwersang militar at pulis sa dalawang prubinsya ng Mindoro noong Setyembre 19-20 at Oktubre 11.

Ang pagpapatupad sa patakaran ng paunlarin ang mga platon bilang saligang pormasyon ng hukbong bayan ay napatunayang epektibo sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga yunit ng hukbo sa mga opensiba at depensiba at sa gawaing masa. Pinaunlad sa lakaskumpanya at kinonsolida ang hukbo sa mga larangang gerilya. Sa gayon, napalakas ang kakayahan ng BHB sa rehiyon na biguin ang mga pagtatangka ng kaaway na wasakin ang hukbong bayan at ang mga larangan at sonang gerilya.

Itinuturing ng rebolusyonaryong kilusan sa ST na isang malaking tagumpay ang pagdaraos ng Ikalawang Panrehiyong Kumperensya sa Gawaing Masa sa Kanayunan. Dito tinipon, sinistematisa at masusing pinag-aralan ang mga karanasan ng iba't ibang prubinsya para kumprehensibong maharap ang mga suliranin sa pagsusulong ng rebolusyonaryong agraryo, pagtatayo ng base at pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampilitika.

Nananatiling mataas ang militansya ng demokratikong kilusang masa sa kalunsuran sa harap ng todo-todong panggigipit sa mga demokratikong organisasyon at pamamaslang sa mga kasapi nito. Gumagampan din ang kilusang

masa sa kalunsuran ng mahalagang papel sa paglaban sa pasismo at militarisasyon sa kanayunan. Mata-mang inilalantad at tinutuligsa ng kilusang masa ang bawat pandahas sa mamamayan. Kasabay nito, ang humahabang listahan ng krimen sa mga operasyon ng mga RSOT (Reengineered Special Operations Team) ng militar ay patuloy na nagtuturo sa mamamayan na huwag suportahan ang kaaway.

Kasabay ng paglalahad ng mga tagumpay, ipinahayag ng KR-ST na marami pang hamong kinakaharap ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Kabilang dito ang tuluy-tuloy na pagsasabuhay sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, pagtagtaguyod sa proletaryong estilo ng paggawa ng simpleng pamumhay at puspusang pakikibaka, at patuloy na paglubos sa mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Ayon pa sa Kalihiman, buo ang tiwala ng Partido na aanihin ng rebolusyonaryong kilusang ang malalaking tagumpay sa darating na mga buwan at taon para patuloy na mag-ipon ng lakas tungo sa ibayong pag-abante ng pagbubuo ng Partido, armadong pakikibaka, nagkakaisang-prente't gawaing alyansa at ng rebolusyonaryong kilusang masa't mga kompanyang masa.



"Rumaragasa...," mula sa pahina 8

5,000 magsasaka sa 130 baryo.

Hindi lamang ang mga kasapi ng mga organisasyon ng magsasaka ang nabeneprahan ng pagbaba ng interes kundi lahat ng magsasakang umuutang sa mga komersyante-usurero. Naipagttagumpay din ang dating akala'y impossible—na hindi na tanging sa pinakautangan lamang makapagbebenta sa mas mababang presyo ang mga magsasaka. Nakagaan din sa masa ang pag-alis ng pandaraya sa bentahan at pagbaba ng bayad sa pagbibayahe ng produkto.

Ang malalaking tagumpay ay nagsimula sa antas sityo at baryo na pagkilos—pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahog ng manggagawang bukid sa pamamagitan ng pagdaragdag ng P10-P30 bawat araw, paglaban sa pagpapatalsik sa mga kasamá, pagpapababa ng bayad sa irrigasyon, pagpapababa ng presyo ng bilihin sa mga tindahan sa baryo, at paglutas sa marami pang ibang problema ng masa. Sa naipong maliliit na tagumpay at sa nakitang sigla at kahandaan ng masa na kumilos sa gitna ng mga operasyon ng kaaway, lalong lumakas ang tiwala na kakayanin pa ang mas malalaking laban.

Kabilang sa mga tagumpay ang pagsusulong ng pakikibaka laban sa pangangamkam ng lupa at la-

ban sa pagpapalayas ng mga magsasaka sa matagal nang pinagyamang lupain para minahin ng mga imperialista at ni Gob. Faustino Dy ang murang karbon dito.

Lumawak ang inabot ng rebolusyonaryong propaganda. Sa iba't ibang paraan ay nakakaabot ito sa masang magsasaka at panggitnang pwersa. Nagagalak ang masa kapag naririnig nila na mapangahas at matalas na tinatalakay sa midya ng kanilang kapwa magsasaka at ng mga lider masa at panggitnang pwersa ang kanilang mga problema, mga kahilingan at panig sa mga isyu. Maging sila'y tumatapang nang magsalita, sumagot at sumulat sa radyo at tumitim sa kanilang isipan na wala nang ibang paraan kundi ipaglaban ang karapatan.

Nadoble ang laki ng baseng masa. Natriple ang bilang ng kabuuang organisadong masa, laluna ng mga organisadong kababaihan at kabataan.

Sa gawaing militar, narinig ang putok ng mga taktikal na opensiba sa lahat ng mga larangan. Di bababa sa 50 ang patay sa kaaway noong 2003. Lima namang Pulang mandirigma sa rehiyon ang nagbuwis ng buhay.

Higit na lumaki ang BHB sa Northeastern Luzon mula noong 1999 at tuluy-tuloy itong kinokonsolida ng Partido. Pinakamalaki ang bilang ng mga Pulang mandirigma nagtapos ng Intermedyang Kurso ng Partido noong 2003.

Anang PKP-Northeastern Luzon, ang mga pagsulong na ito ay alay sa masa ng rehiyon, sa mga martir ng bayan at sa mga ordinaryong mandirigma at kadre ng hukbong bayan. Pursigido itong palakihin pa ang hukbong bayan, dagdagan ang mga pormasyon, palawakin at dagdagan ang mga larangang gerilya at paramihin ang mga aktibista, kasapi at sangay ng Partido sa lokalidad.

"Sa gabay ng nakatataas na organo, sa walang maliw na sigasig sa rebolusyon ng masa sa mga larangang gerilya, lumalaki at lumalakas ang ating kilusan. Ang nakita nating pagragasa ng kilusang masa at nasimulang putok ng mga yunit gerilya ay hudyat ng mas malalaki pang pagragasa sa susunod na mga taon."

AB





Patuloy ang paglala ng krisis sa US

Hindi pagbawi kundi ibayong pagtindi ng krisis sa loob ng US ang matingkad na inilalarawan ng ipinamamaraling "paglago" sa ekonomya nito sa ngayon. Tampok sa "paglagong" ito ang pagpa-paigting ng produksyon at ng kaakibat na pagsahol ng pagsasamantala, pagpapahirap at pang-aapi sa mga manggagawa.

Noong Oktubre, inianunsyo ng rehimeng Bush ang paglago ng GDP ng US nang 8.2% para sa ikatlong kwarto ng taon. Mula ito sa halos 2% lamang na paglago nito sa unang anim na buwan ng 2003. Dahil dito, tinatayang aabot sa 4% ang kabuuang paglago ng GDP para sa buong taon, mas mataas sa unang tanyang 2-3%.

Ayon sa estadistika ng US, itinulak ng mas malaking konsumo (6.6%) at pamumuhunan (11.1%) ang naturang paglago. Ang pangunahaning tumaas ay ang pana-panahong *demand* para sa mga produktong pangkonsumo tulad ng mga kotse at iba pang kagamitan. Lumaki rin ang *demand* para sa pambahay (*housing*) at iba pang kagamitang pangtransportasyon, sa partikular, mga bagong eroplano.

Matatandaang dumausdos sa resesyon ang ekonomya ng US noong Marso 2001 matapos pumutok ang bula ng *high-tech*. Nagbagsakan sa *stock market* (pamilihan ng mga sapi) ang pinalobong halaga ng mga sapi (*overvalued stocks*) ng mga kumpanya sa *internet* at *high-tech*.

Noong Nobyembre 2001, idineklara ng rehimeng Bush na tapos na ang resesyon dahil sa paglago ng GDP nang 2.6%. Ngunit lumalabas na hindi ito sapat upang tuluy-tuloy na lumago at lubusang makawala sa resesyon ang ekonomya.

Gumapang at hindi lamang bumagal ang paglago ng ekonomya

sa sumunod na mga buwan. Hindi naging signipikante ang paglago sa mga saligang industriya ng US. Nanatiling matamlay ang industrial na produksyon. Tumaas lamang nang 1% ang produksyon ng sektor ng manupaktura, sa partikular, mga produktong pangkonsumo at *high-tech* katulad ng mga kompyuter, *semiconductor* at kagamitang pangkomunikasyon. Sa abereyds, mas mababa pa rin ang bilang ng mga pabrikang gumagana ngayon



kumpara sa nakaraang 30 taon.

Lalong pinatingkad ng matamlay na produksyon ang papalaking depisit sa kalakalan ng US. Nitong Nobyembre, habang lumaki ang eksport nang \$1.7 bilyon, ibayong lumaki ang import nang \$2.5 bilyon—bagay na nagpalobo sa depisit sa kalakalan tungong \$47.4 bilyon. Kalakhan ng mga inangkat

na produkto ay mga produktong pangkonsumo at mga pyesang pangkasakyan.

Sa gitna ng ipinangangalang-kang "rekoberi," walang nalilikhang bago o dagdag na mga trabaho kung kaya tinagurian ito ng mga ekonomista na "jobless recovery". Sa katunayan, nagaganap ang malawakang pagmasaker ng mga trabaho at lalo pang lumalala ang dis empleyo sa US.

Sanhi nito ang pagkasangkapan ng malalaking kapitalista sa US sa ibayong pagtaas ng pangkalahatang produktibidad ng mga manggagawa at pagpapahaba ng kani-lang oras ng paggawa upang lalong patindihin ang pagsasamantala sa higit na pinaliliit na bilang ng mga regular na manggagawa.

Mula Nobyembre 2001, umaabot sa abereyds na 400,000 ang nawawalan ng trabaho kada linggo—mas mataas sa abereyds na 305,000 kada linggo sa panahon ng resesyon. Sa loob lamang ng nakaraang dalawang taon, mahigit tatlong milyong Amerikano ang nawalan ng trabaho. Nitong Agosto, umabot sa 6.1% ang tantos ng dis empleyo—pinakamataas sa nakaraang 20 taon.

Hindi rin nakinabang sa "pagbawi" ng ekonomya kahit ang mga may trabaho.

Nakapako kundi man bumagsak ang tunay na halaga ng sahod. Mula Nobyembre 2001, tumaas lamang nang 0.8% ang sahod at sweldo. Nitong nakaraang mga buwan kung kailan sumirit nang 40% ang netong kita ng mga korporasyon (pinakamatatak sa loob ng 60 taon), bumagsak naman tungong 0.65% ang tunay na halaga ng sahod.

AB



Matindi ang demoralisasyon ng mga sundalong Amerikano sa Iraq

Ibayong tunitindi ang demoralisasyon sa hanay ng mga sundalong Amerikano sa Iraq sa harap ng tuluy-tuloy at organisadong paglaban ng mamamayang Iraqi.

Pinakamalaking salik sa demoralisasyon ng mayorya ng mga sundalong Amerikano ang kawalang-pananalig sa sinasabi ng



Pinakamalaking salik sa demoralisasyon ng mayorya ng mga sundalong Amerikano ang kawalang-pananalig sa sinasabi ng kanilang gubyerno na batayan ng pananalakay at pananatili nila sa Iraq.

kanilang gubyerno na batayan ng pananalakay at pananatili nila sa Iraq. Batid nilang ipinambabala lamang sila sa kanyon sa isang gerang walang katuturan, walang pinatutunguhan at tila wala nang katapusan.

Hanggang Disyembre 3, umabot na sa 441 sundalong Amerikano ang napatay dulot ng atake ng mga gerilya. Gayundin, umabot sa 1,209 na sundalo ang nasugatan mula Setyembre. Mahigit 20% ng mga nasugatan ay nagtamo ng maluluhang tama sa ulo habang mas marami pa ang nalumpo. Ang mahigit dobleng pagdami ng mga kaswalti sa panig ng mga sundalong Amerikano nitong nakaraang apat na buwan kumpara sa unang apat na buwan matapos ideklarang tapos na ang gera ay naghuhudyat ng mas organisado at mas mataas na antas ng pakikipaglaban ng mga patriyotikong powersang Iraqi. Umabot sa 30 atake ng mga gerilyang Iraqi ang kinakaharap ng mga sundalong Amerikano sa araw-araw.

Hindi kataka-taka na impyerno ang turing ng 130,000 sundalo sa kanilang pinalawig na deployment sa Iraq. Dagdag sa papatinding panganib, dumaranas sila ng matinding kasalatan at kahirapan.

Madali silang salakayin ng mga gerilyang palaging nagsusubaybay sa kanila, lalo't kulang ang kanilang proteksyon. Salat ang suplay ng mga *bullet-proof vest* para sa mga sundalong nagpapatrulya. Dahil dito, mismong mga pamilya na ng mga sundalo ang bumibili at nagpapadala ng naturang mga *vest*. Kulang na kulang ang kanilang suplay ng maiinom na tubig. Mada-

las ding maapektuhan ang kanilang suplay sa pagkain.

Mula Mayo 1, umaabot na sa 17 sundalo ang kumpirmadong nagpatiwakal. Puu-puo pang mga kaso ng posibleng pagpapatiwakal ang iniimbestigahan ngayon. Mahigit 500 nang sundalo ang pinauwi sa US dulot ng troma sa gera at matitinding problemang sikolohikal. Maliit na bilang lamang ito kumpara sa iniulat na 8,093 pasyenteng natatanggap ng isang ospital-militar sa Germany kung saan karamihan ng mga sundalong Amerikanong nakadesmino sa Iraq ay ipinapasok dahil sa depresyon at iba pang mga karamdamang sikolohikal.

May mga ulat na hindi sadyang nagpatiwakal ang ilang mga sundalo. Ayon na rin sa sariling imbestigasyon ng US Army, binalak ng iba na sugatan lamang ang sarili sa desperasyong makatakas sa kanilang pagkadestino sa Iraq. Ito ay matapos ipatupad ng US ang "stop-loss order." Ang utes na ito ay nagpalawig sa serbisyo ng lahat ng mga sundalong Amerikano sa Iraq, kahit yaong mga nakatakda nang bumalik sa US at yaong mga magreretiro.

Bukod pa sa mga nagpapatiwakal, dumaraming sundalo ang basta na lamang umaalis sa kani-kanilang mga pwesto o hindi na bumabalik sa destino mula sa pagbakasyon. Nitong Disyembre, aabot na sa 1,700 mga sundalong Amerikano ang tumangging bumalik sa kanilang mga pwesto sa Iraq at nagtagago na lamang sa batas matapos sila pahintulutang panandaliang bumisita sa US.

Kampo ng RPA, sinalakay ng BHB

MATAGUMPAY na sinalakay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isang kampo ng RPA-ABB sa Sityo Kakha, Barangay Tamlac, Sta. Catalina, Negros Oriental noong umaga ng Disyembre 16. Nakasamsam ang BHB ng 11 M16 at isang M79 mula rito.

Sa isinagawang operasyon, napatay ang timlider at isa pang tauhan ng RPA-ABB "Third District." Ayon sa Southeastern Front ng BHB-Negros, ang isinagawang operasyon ay pagbawi sa mga armas ng Partido na tinangay ng RPA-ABB nang humiwalay ito sa rebolusyonaryong kilusan at sumanib sa kalaunan sa reaksyunaryong hukbo.

Ayon pa sa BHB-Negros, pinarusahan nito ang kontra-rebolusyonaryong bandidong grupo dahil sa ginawa nitong serye ng panghoholdap, pangangalabaw, pagnanakaw at pagpapalusot ng mga iligal na droga. Ang RPA-ABB ay kinakasangkapan din nina Eduardo "Danding" Cojuangco at Gov. George Arnaiz ng Negros Oriental sa pagpapatupad ng mga proyektong mapanalanta sa kabuhayan ng mga magsasaka.

2 lider ng legal na demokratikong organisasyon, pinaslang ng militar

DALAWANG lider ng legal na demokratikong kilusan ang pinaslang ng militar nitong Disyembre.

Binaril hanggang sa mapatay noong Disyembre 23 si Romy Malabanan, lider ng Bayan Muna, sa tapat ng kanyang bahay sa Bai, Laguna. *Executive assistant* siya ng kasalukuyang meyor at pangkalahatang kalihim ng Bayan Muna sa Bai nang patayin. Naging kagawad siya ng komiteng tagapagpaganap ng KASAMA-Timog Katagalugan bago lumipat sa Bayan Muna.

Mahigpit niyang tinutulan ang balak ng AFP na magtayo ng kampo sa hangganan ng Bay at Los Banos at maglunsad ng mga operasyon ng AFP sa Bay.

Sa ngayon, umaabot na sa 38 ang pinaslang na kasapi ng Bayan Muna. Partikular sa Timog Katagalugan, ika-74 si Malabanan sa mga aktibistang pinatay sa taong 2003.

Samantala sa Sorsogon, sumisigaw din ng katarungan ang mga militanteng organisasyon at limang naulilang anak ni Susan Habac Aringo, 38 taong gulang na balo at *municipal coordinator* ng Gabriela Women's Party sa Sorsogon. Noong Disyembre 7, papunta sa kanyang sakahan si Aringo nang pagbabarilin siya sa likod ng mga elemento ng militar at CAFGU sa Sityo Muladbud, Barangay San Isidro, Castilla.

Ibinilad ng militar ang sugatang si Aringo sa plasa ng bayan dahil kasapi umano siya ng Bagong Hukbong Bayan. Nadala pa siya ng dalawa niyang anak sa ospital subalit namatay din siya dahil sa pagkaubos ng dugo.

Ninakaw din ng mga salarin kay Aringo ang kanyang *cellphone* at pera.

Militar sa Panay, kinasuhan ng paglabag sa karapatang-tao


KINASUHAN ng mga magsasaka sa Iloilo ang mga tropa ng 47th IB at Provisional Battalion ng Task Force Panay ng paglabag sa mga karapatang-tao. Pormal na inihain ang reklamo ng malawakang pang-aabusong militar sa rehiyunal na tanggapan ng Commission on Human Rights sa Iloilo City noong Disyembre 22. Iginigiit din ng mga lider ng Alyansa sang mga Mangunguma sa Igbaras (AMI) at ng mga upisyal ng dalawang barangay sa Igbaras at Tubungan ang kagyt na pag-atras sa mga pwersang militar sa timog-kanlurang Iloilo.

Samantala, sa Negros Oriental, pinatunayan ng mga militanteng organisasyon at taong-simbahang may mga paglabag sa karapatang-tao ang 61st IB sa mga baryo ng Siaton. Isinadokumento nila ang 36 kaso ng paglabag sa karapatang-tao, batay sa resulta ng kanilang *fact-finding mission* doon.

Cheney, kakasuhan ng panunuhol

NAKAAMBANG kasuhan ng korte sa France si US Vice-president Richard Cheney sa mga kasong panunuhol, pagsamantala sa mga aset ng korporasyon at *money laundering* (paglilidalisa ng perang napalitaw sa pamamagitan ng krimen). Ito ay kaugnay ng pagtatayo ng Halliburton Corporation ng isang *liquefaction factory* sa Nigeria noong dekada 1990.

Ayon sa imbestigasyon ng France, umabot sa \$180 milyon ang tinatayang ipinansuhol ng Halliburton sa gubyerno ng Nigeria upang agad itong pahintulutang itayo ang pabrika. Pinamunuan ni Cheney ang Halliburton sa panahong iyon at bago siya nahalal na bise-presidente ng US noong 2001.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 1

Enero 7, 2004

www.philippinerevolution.org

Editorial

Walang habas na oportunismo at kabulukan



Panahon na naman ng reaksyunaryong eleksyon. Muling nasasaksihan ang walang habas na oportunismo, lubos na kawalang-prinsipyo at lansakang kabulukang ibayong tumitingkad tuwing mag-elekson. Walang kaabug-abog na naglili-patan ng partido ang mga kandidato at yu-mayakap ng mga bagong kaalyado at koalisyon. Pati mga dati'y mahigpit na magkakalaban ay nagsasama-sama. Walang ibang nagtutulak sa kanila para gawin ito kundi ang lantarang pagsusulong sa personal na interes, ambisyon sa pulitika at kahayukan sa kapangyarihan. Walang hangganan ang mga alitan, kutsabahan at maniobrahan sa hanay ng mga reaksyunaryong naghaharing uri. Sa totoo, parepareho lamang naman ang mga partido at koalisyon pulitikal ng mga reaksyunaryo. Kaya naman walang tigil din ang pagbabago ng hugis at laman ng mga reaksyunaryong alyansa.

Walang tigil, walang-hanggan at walang-kahihiyan ang pagka-oportunista ni Gloria Macapagal-Arroyo. Pinili niyang katambal ang senador, brodkaster at bata ng mga Lopez na si Noli de Castro para mapasakanya ang suportang pampolitika at pampinansya ng makapangyarihang burges-kumprador na pamilya. Umaasa rin siyang maisasalba ng popularidad ni de Castro ang kanyang sadsad nang reputas-

Mga tampok sa isyung ito...**Mga ulat-koresponsal mula sa CL, ST at Northeastern Luzon**
PAHINA 6-9**Patuloy ang paglala ng krisis sa US**
PAHINA 10**Demoralisasyon ng mga sundalong Amerikano sa Iraq**
PAHINA 11